4

# EDUKASYONG PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN

## Unang Markahan – Modyul 2: Entrepreneurship and Information and Communication Technology (ICT)

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat upang matulungan ang mga guro at mag-aaral na mapagaan ang kanilang pagtuturo at pagkatuto. Ang saklaw ng modyul na ito ay pinapayagan na gamitin sa iba't ibang uri ng sitwasyon. Ginamitan ng iba't ibang estratihiya ang bawat aralin upang lubusang matutunan ng mga mag-aaral ang lahat ng layunin sa Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan (EPP). Ang mga leksyon ay inayos upang sundin ang pamantayan nang pagkasunud-sunod ng mga aralin.

Ang modyul na ito ay hinati sa dalawang aralin:

- Aralin 2 - Katangian ng Entrepreneur
- Aralin 3 - Iba't-ibang uri ng Negosyo

Pagkatapos ng mg aralin sa modyul na ito, ikaw ay inaasahan na:

1. Naiisa-isa ang pamamaraan sa pagbebenta ng produkto.
2. Natatalakay ang mga produktong naibebenta sa pag entrepreneur.
3. Nagagawa ang sama-samang gawain.
4. Naiisa-isa ang mahahalagang katangian ng isang entrepreneur
5. Naipagmamalaki ang mga katangian ng isang entrepreneur
6. Nakikilala ang sariling kakayahang magagamit sa paghahanapbuhay.
7. Nasasabi at natutukoy ang salitang may personal touch
8. Naiisa-isa ang uri ng negosyo sa pamayanan
9. Naibabahagi ang sariling karanasan sa pagbili

## *Subukin*

Lagyan ng tsek (✓) kung ang pangungusap ay nagpapaliwanag ng kahulugan at kahalagahan ng isang entrepreneur. Lagyan ito ng ekis (X) kung hindi.

______1. Ang entrepreneurship ay proseso ng pagtuklas ng mga bagong paraan o paglikha upang hindi mapalawak ang isang negosyo.

______2. Ang entrepreneurship ay tumutukoy sa pagpapalago nang negosyo.

______3. Ang entrepreneurship ay ang paglutas ng suliraning kinakaharap sa pag nenegosyo.

______4. Ang entrprepreneursip ay ay naglalayon na mabaon sa utang ang isang negosyante.

______5. Entrepreneurship ang tumutulong upang mapababa ang datos ng mga walang trabaho.

______6. Ang entrpreneurship ay isang aktibidad tungkol sa mga pagkakataon upang ipakilala ang bagong kalakal at serbisyo.

______7. Kalakip sa entrepreneurship ang pagkakaroon ng balakid sa pagpapalago ng negosyo.

______8. Ang mga kagamitan na gagamitin sa negosyo ay hindi mahalaga sa entrpreneurship.

______9. Pakikisama sa mga customer ay mahalagang salik sa entrpreneurship.

______10. Pagiging malinis at organisado sa negosyo ay mahalaga sa entrepreneurship.

# Aralin 2 Katangian Ng Entreprenuer

## *Balikan*

Isulat sa kwaderno ang iyong sagot

- Paano ang pamamahala ng produkto?
- Paano ibinibenta ni Aling Tesya ang kanyang mga produkto?

## *Tuklasin*

- Sino sa inyo ang may tindahan? Ikuwento kung ano ang inyong paninda.

- Naranasan na ba ninyo na bumili sa tingiang tindahan sa inyong pamayanan? Ano ang inyong nabili?

## *Suriin*



Ang namamahala ng negosyo bilang isang *entrepreneur* ay handang makipagsapalaran. Siya ay may matatag na loob, at tiwala sa sarili, at kakayahan sa pagpaplano, magaling gumawa ng desisyon, sipag sa pagtrabaho, masigasig, at marunong lumutas ng suliranin. Ang isang *entrepreneur* ay napapaunlad ang pamamahala, nauunawaan ang pangangailangan ng mga tao at handang tumulong sa

pamamagitan ng kaniyang negosyo. Siya ay hindi mapagsamantala sa pagtataas ng presyo ng paninda. Bagkus siya ay naglilingkod sa mga nakakababa sa buhay.

Sa pangangasiwa ng negosyo, kailangang may kasanayan at kaalaman sa produktong ipinagbibili. Ang pagtitinda ay maaaring simulan sa maliit na puhunan. Ang maliit na tindahan ay maliit din ang nakaukol na pamamalakad. Kung malugi ka man ay maliit din ang epekto nito. Ang pagtitipid ay isa ring katangiang dapat taglayin. Kasama rito ang paggamit ng ilaw at tubig. Kailangang magtipid at magkaroon ng malasakit sa tindahan.

**Mga Gawain Kaugnay sa Pangangasiwa ng Tindahan:**

Magiging madali ang pangangasiwa ng tindahan bilang *entrepreneur* kung susundin ang sumusunod na gabay:

1. Linisin ang loob at labas ng tindahan, gayundin ang eskaparate, garapon, at iba pang lalagyan.
2. Ayusin ang paninda ayon sa uri na ng madaling makita at makuha kapag may bumibili.
3. Tiyaking malinaw ang pagkakasulat ng presyo sa paninda.
4. Kung pagkaing luto ang itinitinda, lagyan ng takip upang hindi dapuan ng langaw at malagyan ng alikabok.
5. Magbigay ng tamang sukli at pagkukuwenta ng binilhan.
6. Maging matapat sa pakikipag-usap sa mamimili at ipamalas ang maayos na serbisyo.

**Pagtatala ng mga Paninda:**

Para umasenso ang negosyo, kailangan ng maingat, at maayos na pagtatala ukol dito. Ang mga talaang dapat isagawa ay ang sumusunod:

a. **Talaan ng pagbibili.** Makikita sa talaang ito ang mga panindang mabilis na nabibili o nauubos.

b. **Talaan ng mga binibiling paninda.** Ito ay talaan ng mga panindang napamili at mga panindang laging binibili.

c. **Talaan ng mga panindang di nabibili.** Nalalaman dito ang mga panindang nakaimbak at hindi mabili.

**Pagtitinda ng mga produkto:**

Ang mga produktong ninyo ay maaaring maipagbili sa mga kaibigan, kamag-aral, guro, kapitbahay, at magulang. Ang kasanayan at kaalaman ay malilinang tungo sa wastong paraan ng pagtitinda.

Ang mga produktong nagawa ay maaaring ilagay sa estante nang madaling makita ng mga nais bumili. Gumawa ng patalastas ukol sa produktong nais ipagbili. Ang salaping kinita ay magagamit sa pangangailangan sa paaralan. Ang nalinang na karanasan sa pagtitinda ay makatutulong sa kakayahan kung nais magnegosyo.

Karagdagang Kaalaman:

1. Tindahang *semi-permanent* – pagtitinda sa bangketa. Inililigpit ang mga paninda para ilagay sa isang bodega.

2. Tindahang di-*permanent* o gumagala – naglalako ng paninda sa iba't ibang lugar gaya ng magsosorbetes, magpuputo, magtataho, at magpi-*fi shball*.

## *Pagyamanin*

Ipaguhit sa tatlong pangkat: Semi-permanenteng tindahan at lumilibot na tindahan. Sumulat ng tatlong pangungusap tungkol dito. Ibahagi ang iginuhit na uri ng tingiang tindahan at ipahayag ang pangungusap tungkol dito.

# Aralin 3 — Iba't-ibang uri ng Negosyo

## *Balikan*

Paano pinangangasiwaan ang isang negosyo o tindahan?

## *Tuklasin*

Ipaawit ito: (sa tono ng "Leron Leron Sinta")

**Tindahan ni Inay**

Sa aming pamayanan
Ang tingian tindahan,
May sariwang isda
May gulay na masustansiya
prutas na makulay
dagdagan pa ng pansahog
tindahan ng aking inay laging
bago ito.

Ano ang nabanggit na tinda ng kaniyang ina? Bakit kaya ito ang itinitinda ng kaniyang ina? Paano ito itinitinda? Marami kaya ang bumibili? Ano ang tawag sa tindahang ito?

## *Suriin*


May dalawang paraan para magkaroon ng sariling negosyo:

1) pagprodyus ng isang produkto galing sa pinagkukunang-yaman, at


2) pagkakaloob ng serbisyo kapalit ng kabayaran.

A. Basahin at pag-aralan ang usapan.

1.




2.




3.




4.




5.



**Tanong:**

Ano ang napansin sa usapan? Anong kaugalian ang ipinapakita ng mga nagsasalita?

Ang mga salitang ito ay ang mga nararapat na sagot ng isang batang magalang, matulungin, totoo, marunong magpasalamat, at magbigay halaga sa nagawang serbisyo.

Sa simpleng usapan, napansin mo ba na ang bawat negosyo ay laging gumagamit ng mga salitang may *personal touch*? Dahil ang mamimili ay kailangang masiyahan sa produkto o serbisyo, dapat mong makuha ang kanilang patuloy na pagtangkilik ng iyong negosyo maging produkto o sebisyo man ito.

**Mahahalagang Gawain sa Pamamahala ng Tindahan**

Sa pag-unlad ng tindahan, ang sumusunod ay kailangang malaman at isabuhay sa pamamahala ng tindahan:




1. **Maayos at Malinis na Pananamit** – palaging maging kaaya-aya ang anyo sa mamimili. Kailangan din malusog ang pangangatawan sa maghapong pagsisilbi at pakikitungo sa iba't ibang mamimili.

2. **Pamimili ng mga Ititinda** – ang pangangailangan ng mamimili ang isaalang-alang sa pagpili ng paninda. Ang bilihin ay hango sa pinakamababang halaga.

3. **Pagsasaayos ng Paninda** – ayusin ayon sa uri ang paninda, lagyan ng tamang presyo. Magkaroon ng sapat na kaalaman tungkol sa mga produktong itinitinda upang madali itong maipakilala sa mga mamimili.

## *Pagyamanin*

Mayroon bang ganitong negosyo sa inyong pamayanan?

| **Uri ng Negosyo** | **Ano-anong mga serbisyo ang iniaalok?** |
|---|---|
| Jeremy's Beauty Parlor<br> | 1.____________<br>2.____________<br>3.____________<br>4.____________<br>5.____________ |
|  | 1.____________<br>2.____________<br>3.____________<br>4.____________<br>5.____________ |
|  | 1.____________<br>2.____________<br>3.____________<br>4.____________<br>5.____________ |




## *Isaisip*

- Sa pagpili ng ating binabalak na negosyo, kailangang isaalang-alang natin ang mga pamamaraan ng pagbebenta nito. Dapat nating tingnan kung ito ba ay madali at mabilis gawin upang maging maalwan ang ating kilos sa pagtitinda at madaling ipagbili sa mataas na halaga ang mga produkto kung mataas ang uri ng mga ito.

- Maraming katangian ang dapat taglayin ng isang mahusay na entrepreneur. Isa rito ang makapagbigay-saya sa mga mamimili kapag sila ay nasiyahan sa iyong produkto at serbisyo. Dadami ang magtatangkilik dito.

- Ang pangunahing gawain ng negosyong nagbibigay serbisyong may personal touch ay ang pagbigay ng komportable at kasiya-siyang paglilingkod.
  Mga halimbawa sa pamayanan: pagkain, pagawaan ng sirang gamit, labada o laundry shop, school bus service, at iba pa.



## *Isagawa*

***Gawain 1***

***Panuto :*** Gumawa ng isang talaan sa pagbebenta ng produkto sa kuwaderno o sa isang malinis na papel. Punuan ng mga datos na kailangan.

| Bagay | Produkto | Pamantayang Sukat | Halaga |
|---|---|---|---|
| Baka | | | |
| Kambing | | | |
| Itlog | | | |
| Manok | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Isda | | | |

**Gawain 2**

**Panuto:** Ibigay ang mga hinihinging impormasyon. Isulat sa iyong kuwaderno.

| **Katangian ng Isang *Entrepreneur*** | **Gawain sa Pangangasiwa ng Negosyo** | **Pagtatala ng mga Paninda** |
|---|---|---|
| | | |

**Gawain 3:**

Isulat sa *kwaderno* ang naranasan at namasdan sa isang *fast food* o *restuarant.*

## *Tayahin*

Sagutin ang mga gawain at isulat ang sagot sa papel.

***Gawain 1***

***Panuto :*** Lagyan ng tsek (a) kung tinutupad ang umiiral na batas sa pagbebenta. Kung hindi, lagyan ito ng ekis (X). Ilagay ang mga sagot sa kuwaderno o malinis na papel.

_____1. Tama sa bilang para sa dosena ng itlog ang ipinagbibili.

_____2. Husto ang binabayad na buwis para sa mga itinitindang karne.

_____3. Hindi dumadaan sa inspektor na pangkalusugan ang mga kakataying baboy at baka.

_____4. Walang sakit o pinsala ang ipinagbibiling produkto.

_____5. Inilulubog ang manok sa tubig bago ipagbili.

**Gawain 2**

**Panuto:** Lagyan ng tsek ang nadarama kung sang-ayon o di-sang-ayon ayon sa mga sitwasyon.

| Sitwasyon | Sangayon | Di-sangayon |
|---|---|---|
| 1. Ang ina ni Perla ay tindera ng karne. Hindi niya inilagay ang karne sa palamigan dahil abalang-abala siya sa ibang ginagawa. | | |
| 2. Matapos makuha ang itlog sa pugad ay pinagbubukod-bukod ito ayon sa laki. Pagkatapos ay isinasalansan ang mga ito sa trey. | | |
| 3. Si Mang Gil na may bakahan ay nagbebenta nang lansakan at por kilo ng karneng baka sa pamilihang bayan. | | |
| 4. Ang isang mag-anak ay uunlad kung pabaya sa pag-aalaga ng mga hayop. | | |
| 5. Ang gatas ay kailangang painitan bago ilagay sa boteng isterilisado ang sabi ng nanay ni Joy. | | |

Gawain 3

**Panuto:** Basahin ang mga pangungusap. Isulat ang titik **T** kung tama at titik **M** kung Mali. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

_____1. Ang isang negosyo ay dapat walang *personal touch,* basta nasisilbihan ang mga mamimili.

_____2. Lahat ng mamimili ay dapat komportable at nasisiyahan sa serbisyo.

_____3. Kailangan sa negosyo ang pagbibigay ng serbisyong mabilis at nasa tamang oras.

_____4. Matulungin, nagsasabi ng totoo, napagkakatiwalaan, at mabilis na serbisyo ang inaasahan sa mga empleyadong nasa negosyong panserbisyo.

_____5. Kahit sa anong klaseng negosyo, ang *advertisement* o komersiyal ang pinakaimportante para ipabatid sa madla ang tungkol sa negosyo.

## *Karagdagang Gawain*

### *Gawain 1*

Ibigay ang mga hinihinging impormasyon. Ipagawa ito sa mga mag-aaral.

| Katangian ng Isang *Entrepreneur* | Gawain sa Pamamahala ng Negosyo | Pagtatala ng mga Paninda |
|---|---|---|
| | | |

### Gawain 2

Sagutin ang tanong at isulat sa kwaderno ang sagot.

Paano mapananatiling mataas ang uri ng mga produkto sa pagbebenta?

**Gawain 3**

Paghambingin ang Hanay A at B. Pagtapatin ang magkatugma. Isulat ang titik ng tamang sagot sa kuwaderno.

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| *1. Vulcanizing Shop* | a. Pag-ayos ng bahay |
| *2. Home Carpentry* | b. Pag-ayos ng gulong |
| 3. Tahian ni Aling Josefa | c. Pag-ayos ng sirang gamit sa bahay |
| *4. School Bus Services* | d. Pananahi ng damit |
| *5. Electrical Shop* | e. Pagsundo at paghatid ng mga bata sa eskuwelahan |

# *Susi sa Pagwawasto*

**Pagyamanin**
Gawain 1
(Ang sagot ay depende kung ano ang ibinibenta sa komunidad o paaralan)

| **Produkto na ibinibenta** | **Presyo** |
|---|---|
| 1.Manok | 130.00 per kl. |
| 2.Baboy | 260.00 per kl. |
| 3.Itlog | 204.00 1 dozen |
| 4.Banana Cue | 10.00 per stick |
| 5.Puto | 5.00 each |

Gawain 2
(ang sagot an depende sa presyo ng produkto ng isang lugar)

## *Aralin 2*

**Pagyamanin**
(Ang sagot ay depende sa pagkaintindi ng bata)

## *Aralin 3*

**Suriin**
(Ang sagot ay depende sa pagkaintindi ng bata)

**Pagyamanin:**

| **Uri ng Negosyo** | **Ano-Anong mga serbisyo ang iniaalok** |
|---|---|
| **Jermys Beauty parlor** | -Paggupit ng buhok bata at matanda<br>-Pagrebond ng buhok para sa babae<br>- Manicure |

**Isagawa 1**

| Produkto | Pamantayang Sukat | Halaga |
|---|---|---|
| Baka | Kilo | 400.00 |
| Kambing | kilo | 400.00 |
| Itlog | dosena | 204.00 |
| Manok | Kilo | 160.00 |
| Isda | kilo/plato | depende sa presyo ng isda sa isang lugar |

**Suriin**
(Ang sagot ay depende sa pagkaintindi ng bata)

**Pagyamanin:**

| **Uri ng Negosyo** | **Ano-Anong mga serbisyo ang iniaalok** |
|---|---|
| **Jermys Beauty parlor** | **-**Paggupit ng buhok bata at matanda |
| | -Pagrebond ng buhok para sa babae |
| | - Manicure |
| | -Pedicure |
| Tonio's Repair Shop | - Nag-aayos ng payong |
| | -Nag-aayos ng sapatos |
| | -Naglilinis ng sapatos |
| | (depende sa nakikita ng bata) |
| Ate Neneng's Eatery | - Nagbebenta ng ulam |
| | -Nagbebenta ng Juice |
| | Ang ibang sagot ay depende sa sagot ng bata. |

**Gawain 3**

1.Mali

2.Tama

3.Tama

4.Tama

5.Tama

**Gawain 2 & 3** (Ang sagot ay depende sa pagkaintindi ng bata)

**<u>Tayahin</u>**

| **Gawain 1** | **Gawain 2** |
|---|---|
| **1**./ | 1. Di-Sangayon (X) |
| 2./ | 2. Sangayon (/) |
| 3.X | 3. Sang-ayon (/) |
| 4./ | 4. Di-sangayon (X) |
| 5.X | 5. Sangayon (/) |